Pangalan: Charlie Mamasao
Paksa ng Khutbah: “Ang Paggalang at Pagmamahal sa Magulang”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 19, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang pagmamahal ng magulang ay kahalintulad ng liwanag ng araw na patuloy na nagbibigay ng enerhiya at buhay sa lahat ng nilalang sa Mundo. Sa bawat pagsikat ng araw, ang liwanag nito ay sumasalamin sa kalikasan, pinapalakas ang mga halaman, hayop, at lahat ng buhay na umaasa sa init at liwanag nito. Gayundin, ang pagmamahal ng magulang ay nagsisilbing gabay at lakas para sa kanilang mga anak. Hindi ito natitinag o humihinto, kahit na dumaan ang mga taon at bagyo ng buhay. Ang magulang ay patuloy na nagmamahal, nag-aalaga, at nagtuturo, tulad ng araw na hindi nagtatangi ng oras o panahon sa pagbibigay ng liwanag. Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَقَضَى رَبُّكَ أَلاَّ تَعْبُدُواْ إِلاَّ إِيَّاهُ وَبِالْوَالِدَيْنِ إِحْسَانًا إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِندَكَ الْكِبَرَ أَحَدُهُمَا أَوْ كِلاَهُمَا فَلاَ تَقُل لَّهُمَآ أُفٍّ وَلاَ تَنْهَرْهُمَا وَقُل لَّهُمَا قَوْلاً كَرِيمًا ﴾ الإسراء: 23

***“At ang iyong Panginoon ay nagtakda na wala kang dapat sambahin maliban sa Kanya, at sa mga magulang, gumawa ka ng mabuti sa kanila. Kung ang isa sa kanila o pareho silang umabot sa katandaan, huwag mong sabihin sa***

***kanila ang isang salita ng pang-aalipusta at huwag manigaw sa kanila, kundi magsalita sa kanila nang magalang."*** (Al-Isra: 23)

Sa talatang ito, binibigyang-diin ni Allah ang pagpapakita ng kabutihan at respeto sa magulang, lalo na kapag sila ay umabot na sa katandaan. Hindi ipinahihintulot ng Islam ang anumang uri ng pang-aalipusta o kawalang-galang sa pakikipag-usap sa mga magulang.

Ang Qur-an ay paulit-ulit na nagpapahayag ng kahalagahan ng pagmamahal, paggalang, at pagpapahalaga sa mga magulang. Laging binibigyang-diin na ang mga magulang, lalo na ang ina, ay nagdaranas ng matinding sakripisyo at hirap sa pag-aaruga sa kanilang mga anak. Kaya't nararapat lamang na ipakita natin sa kanila ang ating pagmamahal, pasasalamat at malasakit. Sa Islam, ang pagmamahal sa magulang ay hindi lamang isang moral na tungkulin, kundi isang kautusan ni Allah na bumubuo sa pananampalataya ng bawat Muslim. Sinabi ni Propeta Mohammad (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"أَلا أُنَبِّئُكُمْ بأَكْبَرِ الكَبائِرِ قُلْنا: بَلَى يا رَسولَ اللَّهِ، قالَ: الإشْراكُ باللَّهِ، وعُقُوقُ الوالِدَيْنِ."
رواه البخاري

*"Nais ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang pinakamalaki sa mga malalaking kasalanan?" Kanilang sinabi: Opo, O Sugo ni Allah. Siya ay nagsabi: "Ang pagtatambal kay Allah at ang pagsuway sa mga magulang."* (Inulat ni Al-Bukhari)

Kahit na ang mga anak ay lumaki at nagkaroon ng kanilang sariling landas, hindi nawawala ang pagmamahal ng magulang, katulad ng araw na kahit gabi na, ay muling sumisikat upang magbigay ng pag-asa at liwanag. Sa kabila ng lahat ng pagsubok at hamon, ang magulang ay patuloy na nagiging gabay at liwanag sa madilim na mga sandali ng buhay ng anak. Ang araw ay hindi namimili kung sino ang pagbibigyan ng liwanag, gayundin naman ang pagmamahal ng magulang sa kanyang mga anak; walang kondisyon, walang kupas, at walang hangganan.

Kaya't sa kabila ng lahat ng pagbabago sa buhay, ang liwanag ng araw at ang pagmamahal ng magulang ay nananatiling matatag, nagbibigay ng lakas at gabay sa bawat hakbang ng anak.

Ayon kay ‘Abdullah ibn ‘Umar (radhiyallahu ‘anhu), si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi:

"رِضَى اللَّهِ فِي رِضَى الوَالِدَيْنِ، وَسَخَطُ اللَّهِ فِي سَخَطِ الوَالِدَيْنِ."
أخرجه الترمذي وابن حبان والبيهقي

*“Ang Pagkalugod ni Allah ay nasa pagkalugod ng mga magulang, at ang galit ni Allah ay nasa galit ng mga magulang.”* (Inulat nina At-Tirmidhi, Ibn Hibban, at Al-Bayhaqi)

Ang Hadith na ito ay nagtataglay ng malalim na aral na ang Pagkalugod ni Allah ay nauugnay sa pagkalugod ng magulang sa kanyang anak. Kapag ang magulang ay nasisiyahan sa anak, ito ay tanda ng Pagkalugod ni Allah. Ngunit kapag ang magulang ay galit sa kanyang anak, ito ay tanda ng hindi pagkalugod ni Allah sa kanya. Ang sabi ni Allah:

﴿ وَوَصَّيْنَا الْإِنسَانَ بِوَالِدَيْهِ حَمَلَتْهُ أُمُّهُ وَهْنًا عَلَىٰ وَهْنٍ وَفِصَالُهُ فِي عَامَيْنِ أَنِ اشْكُرْ لِي وَلِوَالِدَيْكَ إِلَيَّ الْمَصِيرُ ﴾ لقمان: 14

***“At Aming itinagubilin sa tao ang (pangangalaga sa) kanyang mga magulang. Siya ay dinala ng kanyang ina sa hirap na kasunod ng hirap, at ang kanyang pagpapasuso ay tumatagal nang dalawang taon. Magpasalamat ka sa Akin at sa iyong mga magulang; sa Akin ang huling hantungan.”*** (Luqman: 14)

Dapat nating mahalin ang ating mga magulang sapagkat sila ang unang nagmahal at nag-alaga sa atin mula sa ating pagsilang. Ang pagmamahal ng magulang ay hindi matutumbasan ng kahit anong bagay, sapagkat sila ang unang nagbigay sa atin ng gabay, proteksyon, at aruga. Sa kanilang mga sakripisyo at pag-aaruga, natututo tayong maging mabuting tao at magkaroon ng tamang pag-uugali.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga Kapatid sa pananampalataya, huwag nating kalimutan na ang paggalang at pagmamahal sa magulang ay nagdudulot ng Kaluguran ni Allah at ito ay isang daan patungo sa Kanyang Paraiso. Kaya't huwag nating sayangin ang mga pagkakataon na sila ay atin pang nasisilayan upang iparamdam sa kanila ang ating paggalang at pagmamahal sa pamamagitan ng mabuting pakikitungo at pangangalaga sa kanila. Hilingin natin kay Allah na tayo ay mapabilang sa mga mabubuting anak na Kanyang kinalulugdan, at nawa'y igawad Niya sa ang ating mga magulang ang Kanyang Habag at Kapatawaran. Ameen!

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***